

DAHON NG SIBUYAS

Maliban sa “ulo” ng sibuyas (*Allium cepa* L.), ang sariwang dahon nito ay madaling palaguin kahit sa sariling bakuran. Mayaman ito sa mga bitamina tulad ng magnesium, potassium, copper, phosphorous, at iron. Ito rin ay mayaman sa vitamin K na nakakatulong upang mabawasan ang mga pamamaga tulad ng sakit na arthritis.



PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Ang sibuyas ay lumalago ng maayos sa mabuhaghag at malagkit na lupa na may pH level na mula 6 hanggang 7. Nangangailangan din ito ng sikat ng araw at maayos na daloy ng tubig.



PAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Thrips, *armyworms*, at *cutworms* ang mga pangunahing pesteng kulisap ng sibuyas. *Sooty mold* at pagkabulok dahil sa bacteria naman ang pangkaraniwang sakit nito. Maaaring gumamit ng lason sa kulisap upang makontrol ang peste. Panatilihin din ang kalinisan at tanggalan ng damo ang pagitan ng mga halaman.



PAGTATANIM

Maaring gumamit ng buto o punla sa pagtatanim ng sibuyas para sa dahon nito. Sa paraan ng buto, itanim ang mga ito sa lalim na ½ pulgada at sa pagitan na 12 pulgada. Sa paggamit naman ng punla, itanim ang punla sa lalim na 1 pulgada at may layo na 2 pulgada. Pagkatapos itanim ay diligan agad ito. Lagyan ng mulch ang mga pagitan ng mga tanim tulad ng ipa ng palay. Nangangailangan din ito ng regular na pagdidilig.



Thrips

PAG-AANI

Pagkalipas ng 3 hanggang 4 na linggo ay tutubo na ang sariwang dahon ng sibuyas. Maaari na itong anihin kung ang haba nito ay 6 hanggang 8 pulgada.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o mag text lamang sa FARMERS' CONTACT CENTER

0920 946 2474